Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 5-20

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 103-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. ROBERT BARBERS, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NG HALAGANG LABING APAT NA MILYONG ISO (P14,000,000.00) UPANG ILALAAN SA PAGPAPAGAWA NG "ESTRADA TYPE" NA GUSALING PAMPAARALAN (2 PALAPAG NA MAY WALONG SILID-ARALAN) SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ay matagal nang dumaranas ng kakapusan sa mga silid-aralan sa mga pampublikong mababang paaralan na dulot ng patuloy na pagdami ng mga mag-aaral na ngayon ay umaabot na sa bilang na labing tatlong libo isandaan at pitumpo (13,170)

**SAPAGKA'T,** dala ng matinding kakapusan ng mga silid-aralan ay napipilitan na ang maraming paaralan na gamitin pati mga klinika, silid-aklatan at laboratoryo upang pagdausan ng mga klase;

**SAPAGKA'T,** maraming mga silid-aralan na nangangailangan nang mapalitan dulot ng kalumaan at nagsisilbing banta na sa kaligtasan ng mga mag-aaral;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na taimtim na hilingin sa Kgg. Robert Barbers, Senador ng Republika ng Pilipinas, ng halagang 14,000,000.00 upang ilaan sa pagpapagawa ng "Estrada Type" na gusaling pampaaralan (2 palapag na may walong silid-aralan) sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Senador Robert Berbers, na siyang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga mamamayan sa bansa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Robert Barbers, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan at Tagamasid Pampurok, Dra. Diana J. Eruma, lahat sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang. yang ito para sa

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA